Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Primarya at Sekundaryang Pinagkukunan**

**I. PANUTO:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang **PRIMARYA** kung ang tinutukoy sa pangungusap ay nabibilang sa primaryang sanggunian at **SEKUNDARYA** naman kung sa sekundaryang pinagkukunan. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

_________________1. Nagsagawa ng isang panayam ang pangkat nina Angie sa sekretarya ng Departamento ng Edukasyon upang tanungin kung ano na ang kalagayan ng edukasyon ng mga bata sa mga lugar sa Pilipinas na hindi naaabot masyado ng tulong ng gobyerno.

_________________2. Sa pag-aaral ng mga kabataan sa primarya at sekundaryang edukasyon, kinakailangan talaga ang mga *textbooks, worktext* at iba pa para maging epektibo ang kanilang pag-aaral.

_________________3. Upang malaman ang kahulugan ng isang salita, si Vince ay masugid na naghahanap sa diksyunaryo.

_________________4. Ang biyograpiya ni Francisco Balagtas ay tunay ngang nakamamangha sapagkat iisa lamang ang bersyon nito lalo't higit iisa lamang ang nakapagtala ng kanyang buhay.

_________________5. Nagtalumpati ang pangulo sa kanyang SONA patungkol sa kaganapan sa kanyang administrasyon sa loob ng isang taon at inilahad din niya ang mga dapat asahan ng mga Pilipino sa darating na taon.

_________________6. Nagsulat si Nikko ng kanyang talambuhay sapagkat ito ay takdang-aralin ng kanilang guro sa Filipino.

_________________7. Sa pagkalap ng impormasyon patungkol sa iba't ibang bagay ukol sa isang espesipikong paksa tulad ng mga hayop na matatagpuan sa South Pole, maaasahan dito ang *encyclopedia*.

_________________8. Kasama si inang, kami ay nanood ng isang dokumentaryo sa telebisyon patungkol sa isang pamilya na isang kahig, isang tuka na kanilang kinakain na lamang ay pagpag o pagkaing tira-tira.

_________________9. Nagsagawa ng isang *panel discussion* ang iba't ibang sangay ng gobyerno upang malutas ang suliraning-pangkapayapaan ng bansa.

_________________10. Nagsusulat ng isang talaarawan si Joey patungkol sa mga nangyari sa kanya sa loob ng isang araw.